



Isinulat ko  
@SabiniLah



Property of **O,L,D.** with cyber name "**@sabiniLah**" and pen name "**Rizay-tot**".

**Note:** All characters, place, events, scenes are fictional. Though some are based on true events but nevertheless becomes fictional in the end. But somehow, I hope those good and happy endings in my stories will happen to you or to others. 😊

\*You can email or contact me at the following sites:

<http://www.wattpad.com/user/sabiniLah>

<http://www.youtube.com/sabiniLah>

<http://www.twitter.com/sabiniLah>



=====

**ONE SIDED LOVE**

=====

*Naramdaman mo na ba nag magmahal?*

**"Tinapay, dalian mo na.."** sabi nya habang pareho naming bitbit ang isang box na puno ng school supplies na dadalhin namin sa University Student Council office.

**"Oo na Kapre.."** yan ang accidentally new found friend kong si Christian or Ian sa mga kaibigan nya..

**"Mahuli panget.."** sabay belat sa akin.



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
*Naramdaman mo na ba na maging special dahil sa isang taong walang ibang ginawa kundi iparamdam sa'yo na espesyal ka?*

**"Ang bigat.."** sabay lapag ng box sa lamesa, tagaktak na ang pawis ko..hay!

**"Ikaw naman kasi--"** pinunasan nya ang mukha ko. Parang may kuryenteng dumadaloy sa katawan ko  
**"Sinabi ko nman kasi na mabigat yan..yan tuloy.."** sabay tap sa ulo ko at ginulo ang buhok ko. Akala ko sweet na..nang-aasar lang pala.

**"Ikaw talaga..lagot ka sa akin"** at naghabulan na nga kami sa loob ng office..

*Naramdaman mo na ba maging masaya pag kasama mo ang isang tao..*

**"tama na! hini--hingal--na--a--koh...."** pagod na pagod na sya at grinab ko ang opportunity na yun para kilitiin sya sa bewang mula sa likod...

**"hihi..tama na Tinapay ha..hahaha.sinabi na kasi--"**

**"Anung Tinapay? Kristina ang pangalan ko..hindi Tinapay.."**

**"Tama na.haha--naki--ki--"** biglang gumanti sya at ako naman ang nakiliti nya..

*Naramdaman mo na ba hindi mapakali kapag hindi sya nagtext..kahit isang 'hi' lang..*

**-1 New Message Received-**

**Kapre kko:**

*Tinapay, salamat sa pagtulong kanina..  
Goodnight!*

Waaah! kinikilig ako..  
sa sobrang kilig..

\*boogsh! nahulog na ako sa single bed ko..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----

"Tina, anung nangyari?" mula sa taas ng double deck, napadungaw sa akin si Linda, isa sa kaibigan slash boardmate.

"Ahhhh eh.."

"Naku, si Ian na naman.."

"Hindi ahh.."

"Eh ang Kapre mo lang naman ang nagpapagulong-gulong sa'yo sa kama mo ha..magdedeny ka pa..magpatulog ka na nga..alas-dose na ng gabi hindi ka pa natutulog hanggang sa hindi pa yan nagti-text.." sabay cover ng mukha nya ng unan..

"Sinabi ko ng hindi.."

"In love ka na kay Ian--" hirit nya pa..

"Si Ian? Kaibigan ko lang yun..atsaka--"

"atsaka?"

"alam mo naman na.."

*Naramdaman mo na ba ang magmahal sa isang taong...*

"taken na.."

"yown!.."

"taken na sya..may syota..may girlfriend, baby, mommy, honey, sweetie..in short taken na sya kaya.."

"kaya tigilan mo na..ikaw lang ang masasaktan.."

TAGOS!!!



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
*Naramdaman mo na ba yun?*

*Magmahal ng taong taken na?*

*Magmahal kahit alam mong wala namang pag-asa?*

*Magmahal kahit lama mong wala manang pagtutungan?*

*Magmahal kahit na alam mong....*

*ito'y*

**ONE SIDED LOVE?**

Ako kasi OO..

sa kanya..

sa taong hindi ko alam kung pano ko minahal..

sa taong hindi ko namalayang minahal ko na..

**[\*flashback\*]**

Ako si Kristina, 3rd year architecture college student na..

Aral, friends, boarding house ang drama ko ngayong college..

Hindi naman ako panget ah..

cute-cute'tan naman ang peg ko..

matalino naman ako..pero hindi pang genius level..

Though hindi naman ako pansinin..

I still have a very pleasing personality..

NBSB..as in No Boyfriend since Birth..

Ako na lang ata sa barkada namin ang walang partner, walang special someone..walang boyfriend..

Ano ba ang mali sa akin?



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
**Dear Waiter,**

**Kelan ba darating ang love story ko?  
Pafollow-up naman ng order kong lovelife..**

**Nagmamahal Kristina Paulinne Perez**

Pero, hindi ko inaasahan nang sa huling araw sa aming annual University school fair...

**"Tina.."**

**"O? ang kulit mo naman Fely.."** kanina pa kasi ako kinukulit ni Fely, isa sa mga barkada ko na umalis. Isa pala akong volunteer facilitator ng USC naming. Pinaghandaan pa naman namin ang ball ngayong gabi.

**"Madali lang naman..picture tayo ng barkada"**

**"Pwede mamaya na lang?"**

**"Ngayon na habang onti lang ang tao sa photo booth"** with matching puppy eyes.

**" 'di pwede, isa ako sa toka ngayon dito.."** pero sa totoo gusto ko din namang makiparty kaya lang tawag ng obligasyon ang nangyayari sa akin.

**"Sinabi nang--"**

**"Huy--"** hinila na lang ako bigla ni Fely leading me sa may photo booth. Onti lang ang tao dahil karamihan ay nasa dance floor para sumayaw..

Nandito ang barkada..si Fely, Linda, Cyra, Niqueee, Ton, Jeff, at mga common friends. Halos limang minuto kami sa photo booth, mga addik din kasi to sa camera eh.

Salamat at natapos din..

**"Si Ian..wow! ang Mr.University 20\*\* 3rd runner up.."** pang-asar ni Ton

**"Musta na Mr. University"** sabay akbay ni Fely.

Nilapitan na sya ng barkada.



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
"Tigilan nyo nga ako..group picture naman tayo o.."

"O tara! pagbigyana ang Mr.University 20\*\* 3rd runner up" pang-asar ni Jeff

**\*Click..**

Aalis na sana ako ng biglang.

"Si Tinay na ba toh? Gumaganda ka ata.." sabi sa akin ni Ian habang nakatingin sa mata ko at nakangiti.

"Yuuuuyy!!" sabaysabay na pang-asar ng barkada

"Dati na akong maganda noh.." sagot ko sa kanya

"Kaya nga sabi ko GU-MA-GAN-DA.."

*Ano daw? Ako? Gumaganda? As in Gumaganda? Meaning dating maganda mas gumanda? O\_\_O*

*He's the first one to say that I'm beautiful..*

"Witwiw! Picture naman kayo.."

Itinulak kami ng barkada sa photo booth..

**Dug! Dug!**

*He's the first one to appreciate me..*

**\*Click**

*What is this I'm feeling?*

**[\*end of flashback\*]**



Isinulat ko  
@SabiniLah

At doon nagsimula ang lahat..

Common friend kasi namin si Ian, malaki kasi ang barkadahan namin sa college.

Simula noon, lagi na kaming inaasar ng barkada kapag may pagkakataon na nagkukrus ang landas namin, palagi kaming pulutan, asaran..

Ano nga ba ang meron sa amin? Ano nga ba?

Noong umpisa nailang ako sa kanya. Kaya isang beses ay tinanong nya ako kung ano ang problema. Nahiya naman ako sa kanya dahil ako lang ang nailang sa kanaya. Kaya sa abot ng aking makakaya. Ginawa ko ang best ko na maging close kami. At dahil din doon nagsimula na kaming maging close.

Pareho na kaming naging volunteer sa USC. Kaya ayun, kadalasan sabay na kami mag lunch, mag snack, at dahil pareho kami ng year level at course pwera sa block ay sabay kami gumagawa ng mga research works sa library.

Naging madalas na rin ang pagiging magkatext namin. Nagakaroon na rin kami ng tawagan ng hindi sinasadya. **Kapre** ang tawag ko sa kanya dahil bukod sa matangkad sya sa akin ay isa sya sa mga parekoy ko at madalas napaka over confident nya kaya kailangan nya ng kape kaya **kape+parekoy=KAPRE**. **Tinapay** naman ang tawag nya sa akin di raw dahil sa pangalan kong Kristina o Tinay pero Tinapay daw para bagay raw kami, kape daw sya at tinapay ako.

Sinimulan nya ang mga ganyang biro. Minsan hindi ko na alam kung biro pa ba. Marami pa syang kung anu-anong mga kalokohan. Kaya minsan napapatanong na ako, Anon a ba ito? May something na ba? Mali ba na mag-assume ako?

Hindi kompleto ang araw ko pag hindi ko sya nakikita. Hindi kompleto ang gabi ko pag hindi sya nag-goo-goodnight. At hindi na ata makokompleto ang buhay ko kung walang Christian "Kapre" Rodriguez sa buhay ko..

Kahit sa umpisa alam kong wala naman talaga. Sa pagdaan ng panahon, mas naging malalim ang pagkakaibigan namin.

Ang dating mga "hi-hello-musta-oknaman-ikaw na palitan namin ng text"

mas naging may kahuluguhan "ingat ka-ingat ka din-iingatan kita"



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----

simula sa sabihan ng problema..sa damayan..

Kahit sa problema nya sa pinakakamahal nyang si Grace, ang kanyang girlfriend, dinadamayan ko sya..  
Kung noong una kaya kong pigilan at ideny.

Sabi nila, kapag nakipag laro ka sa laro ng pag-ibig.  
Ang unang mahulog..siya ang talo..

at yun nga..

Ako ang talo..  
Nahulog ako sa kanya..

Bakit palagi na lang 'pag ako ang nahuhulog palagi na lang mali ang bagsak ko.





Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Habang nasa hagdanan ako malapit sa roof top..

**"Andyan ka pala.."** si Kap-- I mean si lan pala..

**"Hindi ka ata dumaan sa USC, may problema ba Tinapay?"**

Simula ng mafeel ko na nafo-fall na ako sa kanya, hanggang maaga pa, pinigilan ko na.....hanggang kaya ko pa. Kaya kahit ang endearment namin, kaya kong pakawalan para hindi na rin ako masaktan.

**"Huy!"**

**"Ay, sorry lan.."**

**"Wow! lan! Saan galing ang lan?"**

**"pangalan mo naman yun di ba?!"**

**"Tinapay naman...."**

Nakita ko ang itsura nya, nabigla sya..

Kaya kahit masakit sinabi ko na lang na..

**"Joke lang yun.."**

Pero alam kong hindi pa rin sya masaya. Malungkot ang mata nya. Matampuhin talaga yan.

Binigyan ko lang sya ng isang ngiti.

Pinilit kong maging normal ang lahat kahit na alam ko sa sarili ko na iba na. Normal pa rin ang pakikitungo nya sa akin.

Habang ako nahihirapan na. ☹



Isinulat ko  
@SabiniLah

Muli kaming nagkita kinabukasan. Ayoko man syang makita pero kailanga, paerho kasi kaming leader ng USC Volunteers...

**"Andaya mo naman..sabi ko mag-uusap tayo after ng USC Volunteers meeting..bakit bigla ka na lang nawala?"** inis kong sabi sa kanya. Indyanin ba naman ako..asar!

**"Ah..Sorry---"**

**"Sorry?"**

**"Sorry naman..nakalimutan ko--"**

**"Nakalimutan? ANdaya mo naman! Pinaghintay mo ako.."**

**"Eh sino ba naman kasi nagsabi sa'yo na hintayin mo ako, ha?! Pwede ka namang umalis?"**  
galit at pasigaw nyang tugon

**"Ni nagtext ka man lang sana..kung saan ka pupunta..para hindi ako magmukhang tanga kakahintay sa wala.."**

**"Hindi ko naman sinabing hintayin mo ako.."**

**"text lang sana--"**

**"sana umalis ka na lang.."**

**"pero kahit na!!! dapat kasi--"**

**"ang nagger mo naman! ginagawa mo namang big deal ang lahat! Kasalanan mo naman at nag-assume ka na kahit huli na darating ako..daig mo pang girlfriend kung makadrama ka dyan Kristina!"**

O \_\_\_\_o



Isinulat ko  
@Sabinilah

nagger?

ginagawa kong big deal..ang lahat?

kasalanan ko at nag assume ako?

daig ko pang girlfriend kung maka drama?

Kristina?

Kelan nya pa akong tinawag na Kristina?

Pinilit kong maging calm pero hindi ko na kaya..

"**Sorry naman *Christian*..**" talagang inemphasize ko yung pangalan nyang *Christian*..

"**Sorry naman at naghintay si Kristina..ang tanga ko di ba?! \*sniff\*Sorry--**"

hindi ko namalayang lumuluha na ako..

"**Sorry kasi nagger ako ngayon \*sniff\*\*..Sorry kasi ginagawa ko tong \*sniff\*big deal..Sorry kasi kasalanan ko at nag..\*sniff\*nag-assume ako na darating ka kahit alam kong mukha na akong \*sniff\* tanga kahapon sa kakahintay sa'yo..**"

at hinarap ko sya na nakatingin sa mata

"**At sorry \*sniff\* kasi umaakto akong girlfriend mo kahit \*sniff\*\* di naman**"

~~~

**Now Playing: *Migraine* by *Moonstar 88***

*Oo nga pala, hindi nga pala tayo*

*Hanggang dito lang ako, nangangarap na mapa-sayo*



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
*Hindi sinasadya  
Na hanapin pa ang lugar ko  
Asan nga ba ako? Andiyang pa ba sa iyo?*

*Nahihilo, nalilito  
Asan ba ko sayo? Aasa ba ko sayo?*

*Nasusuka ako, kinakain na ang loob  
Masakit na mga tuhod, kailangan bang lumuhod?  
Gusto ko lang naman, yung totoo  
Yung tipong ang sagot, ay di rin isang tanong*

*Nahihilo, nalilito  
Asan ba ko sayo? Asan ba ko sayo?  
Nahihilo, nalilito  
Asan ba ko sayo? Aasa ba ko sayo?*

*Dahil, di na makatulog (makatulog)  
Dahil di na makakain (makakain)  
Dahil di na makatawa (makatawa)  
Dahil, di na*

*Oo nga pala, hindi nga pala tayo  
Hanggang dito na lang ako*

*Nahihilo, nalilito  
Asan ba ko sayo? Asan ba ko sayo?  
Nahihilo, nalilito  
Asan ba ko sayo? Aasa ba ko sayo?  
Nahihilo... Nahihilo...  
Nalilito...*

~~

*Kinakanta ko yan ng paulit-ulit kahit na wala na ako sa tono..  
Iyak pa rin ako ng iyak..  
Nakainom ako..pasikreto..  
May tama na nga ata ako eh..*



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
"Kaya mo pa ba?" si Linda pala. Nandito ako sa kwarto namin sa boarding house. 'Di ko namalayan na nasa taas lang pala sya ng double deck kanina pa..

Umupo sya at sinabayan na ako sa drama ko..

"Ang tanga \*sniff\* ko..." patuloy pa rin ang pag daloy ng luha..para na akong tanga dito ngawa ng ngawa..

niyakap ako ni Linda

"Hindi ka tanga..nagmahal ka lang kasi sa hindi tamang panahon at pagkakataon"

Sa simpleng sinabi nya at yakap nya, nawalan kahit papano ang sakit na nararamdaman ko..

\*bzzzzzt

-1 Message received-

**Kapre Kko**

*Sorry.*

Muli akong humagulgol

"wag mo ng repalyan"

hindi ko pinanasin si Linda at nireplayan ko sya..

**\*To: Kapre Kko**

**Asan ka?**

*Sent..*



Isinulat ko  
@SabiniLah

"At talagang nagreply ka pa.."

"Kailangan eh.."

yun ang isngot ko kay Linda, kailangan kong harapin to..

*\*bzzzzzt*

**-1 New Message received-**

**\*From: Kapre Kko**

*Sa may tapat ng boarding house n'yo...  
Sorry na talaga..Bati na tayo Tinapay.. :(*

O\_\_o

andito ba sya para magsorry ng harapan?

At para sabihin na..

*Mahal nya ako? Gaya ng nasa pelikula?*

Magrereply na sana ako ng dumating pa ang isang text..

**\*From: Kapre Kko**

*Sorry na..andito ako sa may harap ng bhauz nyo, pinuntahan ko kasi si Grace..  
Napagalitan nya nga ako at pinaiyak raw kita..sorry na  
:(*

Muli akong humagugol.. ☹️



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
"Nakita ko sya sa may labas, sa may kainan kasama ang girlfriend nya.."

Tumabi sya sa akin..

"Dati-rati kapag nagtitext sya napapagulong-gulong pa ako sa kama at minsanan ay nahuhulog pa..  
pero \*sniff\*"

niyakap ko ng mahigpit si Linda..

"pero ngayon..ang sakit! ang sakit sakit Lin.."

hinahalpos ni Lin ang likod ng biglang tumawa sya..

"Lilipas din yan..."

O\_\_o

"Nagmahal ka ng taong taken..Umasa ka na sya na ang mamahalin mo..Nagexpect ka kahit hindi mo  
namalayan.."

Patuloy pa rin sya sa pagtawa..

*okay. anung nakakatawa.. ?\_\_?*

"Alam mo ngayon masakit..feeling mo binagsakan ka na ng mundo..pero believe it or not kailangan  
mo tong pagdaanan para matuto ka.."

*Bigla syang nagseryoso..*

"alam mo Tina, sa halos 3 taon nating pagkakaibigan, nakilala kita kahit hindi man  
pangkalahatan..sobra ka magmahal..akala mo kapag may dumating, may magparamdan..sya na.."

*tama?*

"akala mo kapag may dumating..sya na nag iyong The One.."

*tama?*



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
**"Pero Tina, look into the bright side? Naisip mo ba kung bakit dumating tong pagkakataon sa buhay mo?"**

*Bakit nga ba?*

**"naisip mo ba na isa lang sya sa mga taong darating sa'yo para...para ikaw ay matuto.."**

*Ganoon ba?*

**"Pero paulit-ulit na darating ang ganyang pagkakataon at sebaryo kung hindi ka matututo..lahat ng to pagsubok.."**

*O\_\_O pagsubok?*

**"Pagsubok na madadaan mo...wag mong isipin na ito na ang end..some may come and go..pero In God's time...darating ang taong para sa'yo sa tamang panahon at pagkakataon na binigay ng Diyos.."**

*Tama!*

**"Smile na..believe it or not, napagdaanan ko ang napagdadaan mo.."**

*O\_\_O What? Si Linda Ferrer na kilalang kilabot? Napagdaanan ang one sided love?*

**"oo, sa maniwala ka man o hindi..pero may nagsabi din sa akin ng mga katagang sinabi ko sa'yo.."**

At marami pa kaming napagkwentuhan ni Linda. Hindi ko inakala na sa personality nyang yun ay ganoon pala sya mag-isip.

Napagtanto ko na tama sya.

Bago ako matulog..

nireplayan ko sya



Isinulat ko  
@SabiniLah

**\*To: Kapre kko**

*Apology accepted. Friends Forever..*

Alam ko masakit pa ito at mahihirapan ako. Pero kakayanin ko...kakayanin ko. Dahil naniniwala ako some day, in the right time, fate and place...in God's great time..liligaya rin ang tulad kong minsang nakaranas ng..

***One Sided Love.***

***==-=Fin.***



=====

**3 Sides of the Story**


=====

Based on TRUE EVENTS..perhaps.



Isinulat ko  
@SabiniLah



Good Morning..  
Three Roses 

=====  
**Good morning\*\*\*three roses**  
**"Collide"**

-Part1 of 3 Sides of the Story-

=====  
It's so akward to have this feeling..

yung taong pinagkatiwalaan mo,

nakasama mo, minahal mo ng matagal..



Isinulat ko  
@SabiniLah

Isang iglap lang..nawala na ang lahat.

parang hindi na kayo magkakilala..

nawala na lahat ng iyon dahil lang sa mga pagbabago..

pagbabago na hindi naman maiiwasan..

*Hey girl, you know, you drive me crazy  
One look puts the rhythm in my hand  
Still I'll never understand why you hang around  
I see what's goin' down  
Cover up with make up in the mirror  
Tell yourself it's never gonna happen again  
You cry alone and then he swears he loves you*

*Do you feel like a man, when you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well, I'll tell you my friend, one day this world's going to end  
As your lies crumble down, a new life she has found*

**"Thank You!!!"** sabay bow ni Apple. Animo'y kakatapos pa lang magconcert sa Araneta. Idol nya si Anne Curtis lalo na sa pagkanta.

**"woooooo!"**

Ang ingay ngayon sa apartment namin. Nagsama-sama na naman kasi ang mga loko. Natapos na kasi ang first half ng defense. Alam nyo naman siguro ang pressure kapag nagthethesis.

**"Busangot ka na naman. Hindi mo ba naappreciate ang napakaganda kong kanta?"** tumabi sa akin si Apple, naappreciate ko ba?

**"Oo naman!!!"** total entertainer talaga ang babaeng 'yan.



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
**"tara! kain na.."** si Eena, isa sa mga ka-Anne Curtis na kaibigan ko. Kapag nagduet sila ni Apple..naku! kayo na lang ang humusga..

Puro lang kasi kami tawananan, animo'y wala kaming mga problema..

**"Aba! Ang tagal nyo na pala ni Johnny.."** sabi ni Ramona kay Eena na busy sa pagserve sa amin.

**"Oo nga..mag t3years na kayo..congrats! achievement!Akalain mo..nagwork!"** dagdag pa ni Gelain, ang Hello Kitty ng grupo.

**"ganoon talaga, when true love strikes, it really strikes! O english yun bakla.."** sabay apir ni Eena kay Apple. Si Eena talaga..kailangang iemphasize na nakapag-english? Hahaha!

**"Naku! strikes like bowling? naku, ganoon..nagpapatumba pala yan! kaya INGAT"** si KeiLah na habang nagsasalita ay nakaharap lang sa librong binabasa.

**"Ang bitter mo naman Lah.."** reklamo ni Gelain. Inlove kasi yan si Gelain...hihihi

**"hindi ako bitter, I'm stating some facts.."** sagot naman agad ni KeiLah na ngayon ay kamukha nya na si Sunako Nakahara...

**"Naku! kaya ikaw Irish, wag kang tatabi masyado kay KeiLah baka mahawaan ka ng kabiteran mo..'di ka pa maka move on--oops! sorry!"** Apple said na mukhang natigilan.

Move on?

biglang akward kaming anim..

**"I'm moving.."**

Sagot ko sabay tingin sa papalubog na araw sa bintana malapit sa akin.



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----

Sa mga nagdaang mga araw, inilaan ko ang oras ko sa school. Busy sa thesis ang drama ko ngayon. Mag-isa lang ako ngayon sa apartment. Nasa school kasi ang mga bakla para sa mga school activities, hindi ako sumama. wala kasi ako sa mood..

Makapanood na nga lang ng movie..

***"Ako na lang..Ako na lang uli"***

Bea? Basha?

One more chance pala ngayon sa Cinema One. Napaupo ako sa couch. Bakit ba sa lahat ng pelikula ito pa ang lalabas!

***"She had me at my worst..You has me at my best.."***

at sabay naming sinambit ni John Lloyd as Popoy ang mga salitang

***"And you chose to break my heart.."***

'di ko namalayang may luha na palang tumutulo sa mga mata ko. Pinatay ko ang TV at pumunta ako sa kwarto ko..

He's still on my mind.

Hindi naman siguro ako makukulong kung hindi ko maiiwasang maisip sya. Ilang taon din kaming nagsama.

We shared same thoughts, feelings..

We used to know each other..

but it feels like..

today..

we are strangers..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
**[\*flashback\*]**

Teen Age life..

dyan kalimitan mararamdaman ang salitang

crush..

kilig..

and what they so called

L O V E . .

High School pa lang, naramdaman ko na ito.

Sabi nga ni Mama, normal lang daw yan..basta alam ko ang limitation ko.

Bukas ang bahay sa mga manliligaw..yun lang kung kaya ng taong yun harapin lahat ng lalaki sa bahay.

4 lang naman ang kapatid kong lalaki, isama mo na si Papa..so lima..

syempre  $4+1=5$ ..kayo talaga!

Third year high school ng makilala ko ang taong naging malaking parte ng buhay ko..

si Patrick.

Simu;a elementary kaibigan ko na si Rikoy, yan ang tawag ko sa kanya.. short for Parikoy Patrick.

Kapit bahay ko sya, kababata, kaibigan, at kaklase.

Anak si Rikoy ng kaibigan ni Mama kaya walang naging tutol sa relationship namin.

Nagkaroon rin naman kami pareho ng ibang relationships, pero it ended up na kami pala talaga ang para sa isa't isa.

On the Middle part of our junior year..

officially naging kami..



---

Everthing seems so perfect.

Kasama ko sya sa lahat ng masasaya, malulungkot, at sa pinakamababang point ng buhay ko..  
ang official na paghihiwalay ni Mama at Papa.

He was always there..

my friend..

my first love..

my first date..

my first holding hands..

my first kiss..

my serenity..

my sanctuary..

my lover..

my life..



Isinulat ko  
@Sabinilah

Hindi na kompleto ang araw ko pag hindi kami nagkikita..

kapag hindi ko sya nakakausap..

kapag walang text..

kapag hindi ko sya naririnig na tawagin ako sa mga endearments namin..

hindi na ata makokompleto ang buhay ko kung wala si Rikoy..

Forever was our aim..

but I never thought that

never will be our fate..

Civil Engineering ang kinuha nya sa state university naming at ako, architecture naman ang kinuha ko sa kalapit na province namin. Hindi naman namin inisip na kabawasan yun sa relationship namin, after all..

mahal na mahal namin ang isa't isa..

no one can separate us..

no one can ever break us apart..

but suddenly

that NO ONE became US.



Isinulat ko  
@Sabinilah

Dahil sa malayo na rin kami sa isa't isa, madalang na kaming magkita. Pinagpapasalamat ko na may cellphone at internet, sa ganoong paraan nagkakaroon pa rin kami ng communication

Dahil na rin dito minsan maraming sabi sabi, kwento, balita ang naririnig namin sa isa't isa..

Issue regarding

infidelity..

trust..

flings..

lack of time..

studies..

at kung anu-ano pang NORMAL lang daw na pinagdadaanan ng magkarelasyon..

Akala ko makakayanan namin..

Pero, paano magwework ang relationship kung isa na lang ang pilit na lumalaban?

Dumating na ang pagsubok sa aming relationship..

Nagkaroon sya ng

KABET..

he had a girlfriend bukod sa akin..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Ilang linggo din akong umiyak dahil doon..

Masakit..

Akala ko OA lang talaga ang mga taong broken hearted pero kapg ikaw na pala ang nasa situation..  
you'll feel like

PASAN mo ang MUNDO..

pero dahil sa mahal na mahal ko sya at siguro naman mahal na mahal pa naman namin ang isa't isa..  
Pinatawad ko sya at nagsimula ulit..

Happy Ending?

Yun din ang akala ko.

Marami kaming issue sa isa't isa.  
kesyo may iba kami, wala na kaming oras sa isa't isa. Bumabalik na naman lahat..

kaya ko pa naman eh..kaya ko..  
pero di ko makakaila na marami nang nagbago..  
sa akin..pati na rin sa kanya..

Akala ko ang pag-ibig walang katapusan, pero kapag ang pag-ibig pala..kapag hindi na sa tamang lugar,  
panahon at pagkakataon..

ang dating SPARK..

nawawala..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Mahirap nang ibalik lahat..

Gaya nang TIWALA..

Kapag ang tiwala nawala..

At nagkaroon na ito ng lamat,

mahirap na pala itong ibalik pa..

at ang lamat na ito ay parang Cavity..

pag napabaya..it can cause toothache or kapag mas lumala magiging tooth decay na wala ka nang choice kundi tanggalin, alisin sa buhay mo ng tuluyan dahil kapag pinatagal mo dyan..

ikaw lang naman ang masasaktan ☹

Darating sa punto na mapapagod ka..

minsan pa nga'y magsasawa..

na kahit ayaw mo pang magpalaya at lumaya..

kailangan mong gawin dahil parehas lang kayong mahihirapan..masasaktan

dahil hindi lahat ng tunay na pagmamahal..pinaglalaban..

minsan kailangan mong magpalaya..

dahil ang pag-ibig ay tunay na kaligayahan ng taong iyong tunay na minamahal..

Isang gabi..

Isang gabi na kinakatakutan kong mangyari..

Isang gabi na hindi ko alam na mangyayari..

Isang gabi na ni sa hinagap..'di ko inakalang nangyayari sa amin..

Nagpasya kami mag-usap..

Christmas break noon..

lahat masaya..lahat nagmamahalan..

pero eto kami..parehong hindi alam ang sasabihin sa isa't isa..

Katulad ng dati..

Mahilig kaming mag-usap na magkatalikuran. Nakasandal kami sa likod ng isa't isa. Matangkad na tao si

Rikoy, kaya kadalasan kapag ganito, ako ang nakasandal sa kanya..

at sinimulan ko na..

"sana ganito lang tayo..."



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Sinasabi ko yan na parang I'm pertaining sa sandal position namin..  
na parang walang problema..

pero alam ko sa puso ko na ang gusto nitong iparating...na sana ganito lang kaming dalawa..  
walang problema..  
walang sakit na nararamdaman..  
pero this time..  
I have to do this..  
it's just that

*I can't find the words to say goodbye..*

***[now playing: I can't find the words to say goodbye by Nina]***

*Can't say I don't love him  
Still I can't pretend  
That my heart is torn just knowing that I'm losing my bestfriend*

**"Talaga bang gagawin mo 'ito.."**

**"almost 3 years..going on 4 years na tayo..itatapon mo lang?"**

**"Rikoy--"**

**"Mahal mo pa ba ako Baby?"**

**"Mahal pero--"**

**"pero? kung mahal mo ako Irish, bakit kailangan nating gawin to? bakit kailangan na magkaganito?"**

*If it's easier said and done  
Then someone tell me why  
Though I try,  
I can't find the words to say goodbye*



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
at hindi ko na napigilang lumuha..  
yung luha ng sakit..  
luha ng pagmamahal sa taong sobra mong minahal..  
luha na 'di mo alam kung bakit lumalabas na para bang wala ng katapusan..  
luha para sa kanya..

hindi ko alam kung bakit ko ito ginagawa..  
mahal ko sya? pero bakit kailangan ko syang pakawalan?

**"kasi kailangan.."** yan na lang naisagot ko sa kanya..

kailangan na naming itigil to para sa amin..  
para samin = \_\_=,

*I could tell him that I'm sorry  
Hope he'll understand  
He will have to do with someone else  
All that we have planned*

Akala namin forever..

**"may iba na ba?!"**

**"wala--"**

lyon ang totoo..walang iba sa puso't isip ko nung naging kami at habang kami. Ganoon ko sya kamahal at hindi ko na alam kung mayroon pang susunod sa kanya.. ☹

Hinawakan nya ang kamay ko..  
pilit ko 'tong tinatanggal pero mahigpit pa rin nya itong hinahawakan..

**"Mahal na mahal kita Irish...mahal na mahal.."**  
at pareho na nga kaming nag-iiyakan..

*I'd rather her hear the truth  
Than hurt her with a lie  
So I tried,  
But I can't find the words to say goodbye*



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Gusto ko na syang harapin at bawiin lahat ng sinabi ko. Pero alam kong pagginawa ko yun, pareho lang naming niloloko ang sarili namin.

Mahal nga namin ang isa't isa..pero hindi yun sapat..  
minsan hindi sapat ang pagmamahal lang..

***Love can sometimes cause pain to heal us..both.***

ang mahigpit nyang hawak sa kamay ko..  
unti-unti kong inalis..

*Now I know  
I have to go  
There's no other way  
But goodbye is not what I can bring myself to say...*

Patuloy pa rin kami nag-iiyakan..  
Nakatalikod pa rin kami sa isa't isa..

gustong-gusto ko syang yakapin..

**"mahal na mahal kita Rikoy..pero matagal nang may problema ang relasyon natin..pilitin man nating ayusin..para na tong basag na salamin na kahit ayusin natin..Maayos lang natin kung tatanggapin natin na wala na...**

***wala na..=\_\_\_=, "***

at ang huling katagang yan ang naging hudyat ng pagyakap nya sa akin..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
*If I told her "see you later"  
Then I might be wrong  
'cause this voice inside is driving me  
To find where I belong*

**"Alam ko Rikoy..alam nating wala na..kaya ako na ang gagawa ng paraan..ganyan kita kamahal.."**

mas humigpit ang yakap nya sa akin..  
tama nga ako..  
tama nga ako..  
= \_\_ =,

Ang yakap nyang yan..

*I know I must leave him now but everytime I try,  
Don't know why,  
but I can't find the words to say goodbye...*

Alam kong ito na talaga ang kahahantungan..

**"Sorry.."**

'yan ang salitang nagpaluha pa sa akin...nang sobra sobra..

ginusto ko naman toh di ba?!  
pero ang sakit!  
ang sakit sakit na..

*Don't know why,*

alam kong ang katagang yun ang salitang hudyat ng isang paalam na hindi nya alam kung paano sabihin..

*I can't find the words to say goodbye....*

**[\*end of flashback\*]**



Isinulat ko  
@SabiniLah

Isang taon na rin ang nakalilipas..

Isang taon.

Alam ko sa sarili ko na mahal ko sya.

Alam ko na masaya na rin sya.

at dahil dyan..

masaya na rin ako..

~ ~ ~

[now playing: **collide** by **howie day**..intro pa lang nakakakilig na :) ]

*The dawn is breaking*

*A light shining through*

*You're barely waking*

*And I'm tangled up in you, yeah*

Nagising ako sa tugtog na yan..

Anong oras na ba?

5am? nakatulog ako ah...

*I'm open, you're closed*

*Where I follow, you'll go*

*I worry I won't see your face*

*Light up again*

Wala pa ata sila Apple..mag-isa ako ngayon sa apartment..

*Even the best fall down sometimes*

*Even the wrong words seem to rhyme*

*Out of the doubt that fills my mind*

*I somehow find you and I collide*

Nakakakilig yung tugtog..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
*I'm quiet you know  
You make a first impression  
I've found I'm scared to know  
I'm always on your mind*

Teka? parang nasa roof top galing yung tugtog..  
Ang aga magsoundtrip ng mga bakla ah..

*Even the best fall down sometimes  
Even the stars refuse to shine  
Out of the back you fall in time  
I somehow find you and I collide*

Humakbang ako pataas..

*Don't stop here  
I lost my place  
I'm close behind*

I saw a physique of a tall man..

*Even the best fall down sometimes  
Even the wrong words seem to rhyme  
Out of the doubt that fills your mind*

Nilapitan ko s'ya..

*You finally find you and I collide*

Lumingon sya..

*You finally find you and I collide*

O\_\_o

*You finally find you and I collide*

I was shocked!  
Si...Si..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Xian? as in Xian Kyle Rivera?  
Ang kklase ko sa biology?

**"good morning..."** and he gave me **three roses..**

-----  
*Love may not be perfect..  
Past still may haunt me..  
Pero ang love hindi pinangungunahan..  
ika nga nila*

*Just go with the flow*

*and LOVE will lead the way..*


malay nyo..si Xian na pala..

:)

**==-=Fin.**



Isinulat ko  
@SabiniLah



=====  
**7<sup>th</sup> Picture**

**“Afraid for Love to Fade”**

-Part2 of 3 Sides of the Story-

=====

Irish+Xian=Shlan loveteam ← Or → Patrick+Irish=RickIsh loveteam?

eto na sya..

humanda ng katabi na pwedeng tapikin..ayeee! ☺



Isinulat ko  
@SabiniLah

=====  
**"Always wear that smile..seriously.."**

I pinched her cute cheeks..

**"Ang ganda mo talaga.."**

Her smile.

**"Di naman na ako mataba..binobola mo na naman ako..but thank you Xian for the years.."** sabi nya..

The best smile ever..

I said while looking straight to her eyes

**"you're smile is my weakness...at the same time my strength"**

In a sweet music as our background as we dance..

**"Love is something I cannot describe before..**

**'coz it's not just a word, a feeling..**

**but when I met you..**

**I definitely understood what LOVE is..**

***it's you.."***



Isinulat ko  
@SabiniLah

=====  
Ang pagmamahal hindi pinaplano pero dumarating sya..  
minsan gugulatin ka na lang.

Nagmahal ka na ba?

kasi Ako..

Oo na..

sa kanya..

sa babaeng nakilala ko noon pa lang..

sa babeng 'di ko inakalang mamahalin ko ng lubusan..

sa babaeng 'di ko aakalaing mamahalin din ako ng gaya ng pagmamahal ko..

ang babaeng minahal, minamahal, at ang mamahalin ko..

habang buhay...



-----  
**[\*flashback\*]**

Bagong lipat ng lugar, titirhan, at eskewlahan. Gusto ko lang kasing independent kay Mom at Dad.  
2nd year ako nang lumipat ako dito.  
Bagong lugar, bagong mga tao, bagong pakikisama.

Isa lang ata ang hindi bago sa akin..  
ang pagiging..

TAHIMIK

'yan ang kadalasang reklamo sa akin ng mga tao..

oo. ganyan ako..  
tahimik lang.  
Mas gusto kong maging tahimik sa mata ng ibang tao.  
pero nagsasalita naman ako lalo na kapag makabuluhan ang topic..  
at mahilig akong maglakad mag-isa..

sa paglalakad kasi ng mag-isa marami akong napapag-isip..

Uwian na.  
habang busy ang ibang studyante na pumunta ng mall, makipagkwentuhan sa mga kaibigan nila,  
makipag kulitan..  
Ako? uuwi na lang..  
Naglalakad na lang ako pauwi sa apartment na tinutuluyan ko..

Tumambay na muna ako sa hagdanan papunta ng roof top ng apartment ko..  
Total, solo ko naman 'tong 2 storey apartment..  
si Mom kasi..masyadong nag-aalala sa akin..  
baka daw pumayat ang anak nya..  
Wala pa naman din daw akong kilala sa lugar na ito..  
masyado kasi akong baby ni mama..  
isa rin yun sa rason kung bakit gusto kong maging independent..  
at yung isang rason?

akin na lang

^ \_ ^



Isinulat ko  
@SabiniLah

Para sa akin ang pinakamagandang sound ay ang sound of silence..  
at kadalasan ko 'tong nahahanap dito, sa parte ng hadganan papunta ng rooftop.

akala ko tahimik..

pero nakakarinig ako ng iyak..  
iyak nang isang babae..

O\_\_O

may multo dito?  
alas singko ng hapon may multo?  
anu ba yan! kinikilabutan na ako..

Shin Shang Shing help me..

nasa hagdanan kasi ako so humakbang ako pataas ng rooftop para sumilip..  
baka makita ko ang multo..

hakbang pataas..

May babae akong nakitang umiiyak..

Nakadungaw lang ako..  
Kawawa naman sya..  
Ngawa lang sya ng ngawa..

Di ko alam pero may kung anong naramdaman ako..  
gusto ko syang protektahan..

Isang oras na syang ganyan..  
nilalamok na ako dito..

Ano kayang problema nya?



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Dumating na yung isa nyang kaibigan..  
Gabi na nga pala..

**"Irish..kain na tayo--uy! okay ka lang ba?"**

Madilim na noon pero nakita kong pinunasan nya yung mata nya..

**"ha--ah--oo..tara"**

psshh...sinunaling.  
alam kong hindi sya okay, bakit 'di nya sinabi sa kaibigan nya?

Pababa na sila ng marinig ko pa yung sinabi nung kaibigan nya..

**"Wag mo na syang iyakan..palagi na lang kayong ganyan.."**

may iniiyakan sya?

palagi?

palaging ganyan?

hmmm.. ~\_~?

Sa mga sumunod na araw..

Hindi sya nawala sa isip ko..

may parang kung ano sa akin na gusto syang protektahan..

Pero, kailangan ko na rin 'tong itigil..

Para na akong baliw eh..

secretly loving someone who doesn't even know that I exist..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Pero--

Mapaglaro ang tadhana..

Pinaglalapit ba kami o nagkataon lang?  
Naging magkaklase kami sa Biology nung isang sem..

Ang pinakamasayang sem ng buhay ko..

Bukod sa nagkaroon ako ng malaking grupo ng masasayahing kaibigan na inilabas ang kabaliwan sa katauhan ko ay nagkaroon ako ng chance na makilala pa sya ng maigi.

Si Irish..

mabait sya, easy going, friendly, good leader and she has a quality na mapapalapit ka sa kanya..  
ang gaan nya kasama..

Siya yung babaeng ngawa ng ngawa..  
Ang babaeng 'di na maalís sa isip ko..

Hanggang sa naging malapit na kami..as in ganito..(cross fingers)  
ganyan na..

aaminin ko..  
tinamaan na ata ako..  
kaya lang may problema..  
bukod sa Kuya Xian ang tawag n'ya sa akin  
kahit na halos magka-edad lang kami..

TAKEN na pala sya..

(insert this song->>)

mahirap talagang magmahal ng syota ng iba  
'di mo mabisita kahit okay sa kanya..  
mahirap...oohhhh mahirap talaga..  
magmahal ka na lang kaya ng iba? =\_\_=,



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Mahirap magmahal ng taong TAKEN..

bawal magselos kasi wala kang karapatan..

bawal maging extra super close kasi magkakaissue ka..

bawal..oo..maraming bawal

pero isa lang ang pwede..

ang mahalina sya kahit na alam mong walang kasiguraduhan..

pero isang araw..

nabalitaan kong officially..

naghiwalay na sila ng long time boyfriend nya..

sign ba ito?

DUmaan ang mga araw..

Nakita ko syang palaging pilit ang smile..

Tatawa ng malakas kasama ang mga kaibigan n'ya..

pero I can feel her pain..

Dahil sa naging kaibigan na nila ako..

madalas lagi kaming magkasama..

Isang gabi..bibisita ako sa apartment nila nang..

**"Speaking of.."** -Ramona

**"Kuya--"** -Apple



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Nandoon sila, si Apple, si Eena, Ramona, Gelain, KeiLah.. at?

**"Si Irish ba?"** -Gelain

**"Tulog yung hinahanap mo..nakakulong sa kwarto, bukas pa yun magiging"** -Ramona

O\_\_o paanong--

**"Ah--eh.hi-hindi.."** deny ko naman, ganoon na ba ako kahalata?

**"Halata ka na kaya.."**-KeiLah

O\_\_\_O halata?

**"paanong--"**

sabay apiran at tawanan ng mga babaeng ito..  
anong nakakatawa?

**"Sabi ko na sa inyo.."** -Ramona

**"nahuhuli nga naman ang isda sa bibig.."** -keiLah

**"anung--"** pinagsasabi ng mga ito?

lumapit sa akin si Apple sabay tingin sa mata ko..

**"mahal mo si Irish noh?!"**

O\_\_\_O mahal?

teka! pano ba nila nalaman?  
wala naman akong pinagsasabihan..

**"magdedeny ka pa ba? alam mo bang halatang halata na.."** sabay kahighik ni Eena.



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
lahat sila natahimik at nakatingin sa akin..  
ANG mga babae nga naman..

Well, anu pa nga ba?!

napayuko ko at habang sinasabi ang..

**"OO"**

halos mapuno ng hiyawan at kakiligan ang aptment..  
halos mahampasan ng pillow si Eena at Gelain, si KeiLah, Ramona at Apple nagyayakapan naman..  
Kahit papaano na bawasan ang bigat na nararamdaman ko..at least may nakakaalam na, at higit sa lahat mukhang approve naman ako sa mga kaibigan nya..

**"pero--"**

**"pero ano?"** -Gelain

**"malabo..wala akong pag-asa"** naku! 'di ko aakalain na makikipag GIRL talk ako..

**"Never say never Kuya Xian.."**-Apple

**"It's now or never"** -Ramona

**"Naku, ikaw..h'wag mong sasaktan si Irish..kundi, nakikita mo ba toh?"** sabay pakita ni keiLah ng fist nya **"tatama 'tong kamao ko dyan sa ribs mo.."**

**"Takutin ba..Naku! Wag kang matakot dyan kay Lah, Ayee"** sabay pulupot ni Eena sa braso ko..

**"Mahal mo di ba?"** -Eena

Oo, mahal ko..so I nodded.

**"Hindi mo lolokohin?"** -Ramona

Hindi..hinding hindi ko sya lolokohin..I nodded again.

**"Hindi mo naman sasaktan di ba?"** -KeiLah

Hinding hindi ko sasaktan..I nodded again, daig ko pang nasa hot seat.



Isinulat ko  
@Sabinilah

-----  
**"Ready ka na ba?"** -Apple

Ready na..sana.. sasagot na sana ako ng sumabat si Gelain..

**"So, anong plano mo?"** -Gelain

Ano nga ba ang plano ko?

Naghintay sila sa sagot ko..

Then naisip ko..tama nga si Ram..It's now or never..

**"I need your help.."**

*<Eena's POV..>*

*singit lang po ^\_\_^*

*p.s. I LOVE YOU JOHN JOSHUA "my forever Love" SARTE!*

*eto na..*

---

**"we can't help you.."**

..o! strike yun..english yun..as in English!!!

'yan ang sinabi ko, as in Hindi namin sya matutulungan..

**"Eena ano bang pinagsasabi mo?"** takang-taka na tanong ni Gelain

lahat sila takang-taka, lalo na si Kuya Xian

si KeiLah lang ata ang hindi..nakuha n'ya ata ang gusto kong iparating..

**"I agree"** Sabi ni Lah

**"Hoy!"**-alarmang sabi ni Apple

**"Why oh why?! hadlang ba kayo?"**

**"Hindi naman sa ganoon, kaya lang..kung mahal talaga ni Kuya Xian si Irish, edi gagawin nya lahat..with or without our help"** expalain ko..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
ang gusto ko lang naman sabihin..

**"Prove yourself..hindi lang para sa amin o maging para kay Irish..prove yourself to yourself.."** dagdag pa ni KeiLah

Natumbok mo Sunako—I mean KeiLah...

Natahimik sila at lahat napaisip, napansin kong naintindihan ng mga bakla ang gusto kong iparating..

And I can sense that they all agreed.

Alam ko na mahal ni Kuya Xian si Irish..

pero you know..

believe me, I may not be an expert in love..

pero sa mga pinagdaanan namin ni Johnny my love..

may say na rin ako..

support support akira kay Kuya

**<end of Eena's POV>**

**[\*end of mini flashback\*]**

-----

**<back to my POV>**

Naintindihan ko naman kung bakit ganoon yung naisip ni Eena,  
ganoon nila kamahal si Irish, and I thank them..

so ayun na nga..

as of now, mahimbing silang natutulog sa apartment ko..

buti pa sila, habang ako..di nakatulog..

I asked for this morning and they gave me this..



Isinulat ko  
@SabiniLah

"psst!"

O\_\_O

si Eena?

akala ko ba hindi sila susuporta?

"**Kaya mo yan!**" dagdag ni Apple wityh matching AJA sign.

"**Go Spongebob!**" sabi ni Gelain na sabay tinakpan ng bunganga ni Ramona.

Nakita ko na silang lahat, nakasilip..

"**Ready ka na?**"

And I nodded.

At nakita kong hindi na sila nakadungaw..

Inhale..exhale..

And I begin..

[now playing: **collide** by **howie day**..intro pa lang nakakakilig na.. :)]

*The dawn is breaking  
A light shining through  
You're barely waking  
And I'm tangled up in you, yeah*

Andito ako sa proof top ng apartment nila..



Isinulat ko  
@SabiniLah

*I'm open, you're closed  
Where I follow, you'll go  
I worry I won't see your face  
Light up again*

Hindi pa ata gising..magising kaya sya?  
Kinakabahan na talaga ako. Sana gumana ang plano ko..

*Even the best fall down sometimes  
Even the wrong words seem to rhyme  
Out of the doubt that fills my mind  
I somehow find you and I collide*

Hinihintay ko sya dito sa taas.  
Hindi ko napigilang sumabay sa pinapatugtug kong kanta..  
I really find me and her collide :)

*I'm quiet you know  
You make a first impression  
I've found I'm scared to know  
I'm always on your mind*

Totoo, tahimik akong tao.  
pero she makes me talk all day, and kahit ako nagulat sa pagbabago sa akin.  
At natatakot ako noong malaman ang nasa isip ko..  
na sya lang ang laman nito.

*Even the best fall down sometimes  
Even the stars refuse to shine  
Out of the back you fall in time  
I somehow find you and I collide*

Kinakabahan na ako..  
ang lamig pa naman dito..



Isinulat ko  
@SabiniLah

*Don't stop here  
I lost my place  
I'm close behind*

O\_\_o someone is behind me..sya na kaya yan???

*Even the best fall down sometimes  
Even the wrong words seem to rhyme  
Out of the doubt that fills your mind*

Footsteps..  
still, naka talikod ako..kinakabahan na ako..

*You finally find you and I collide*

Dahan dahan akong lumingon..

*You finally find you and I collide*

Gulat na gulat sya..Bahala na..

*You finally find you and I collide*

At natapos na ang kanta..  
Humakbang na ako papalapit sa kanya..  
I prepared a speech pero napaurong ang dila ko at ito lang ang nasabi ko..

**"Good morning..."** and I gave her **three roses..**

kinuha na nya ang roses ng bigla na lang na...

**"Ha--ha--choooo!!!! achoo! achooooo!"**

O\_\_o shempoy na unggoy!  
nakakaturun off..  
naAchoo-han ko sya..

pero imbes na mandiri, nilapitan nya ako..  
and gave her handkerchief..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
**"ang cute mo pala pag nakaPajama's kuya Xi.."**

(- -" ) tiningnan ko pababa ang sarili ko!

nakalimutan ko nga palang magpalit..  
nakapajama pa ako ng Spongebob..

Nakakahiya..

**"Ah--sorr--"**

**"cute nga eh.."**

~ ~ ~

Yun na nga ang simula..

Wala naman akong sinabi..

Hindi ako pormal na nanligaw sa kanya..

Hindi ko hiningi ang permiso nya..

Hindi dahil sa ayaw ko marinig ang sagot nya na baka hindi pwede o bbaka marinig kong ireject nya or kahit na pumayag s'ya..

Like what KeiLah said, kailangan kong patunayan ang sarili ko hindi lang para sa iba o maging sa kanya kundi para na rin sa sarili ko, para kung mapatunayan ko na ito sa sarili ko, alam ko na buong buo na ang pagmamahal na maibibigay ko.

People saw the change in me..

Pala tawa na raw ako, nakikihalubilo o nakikijam..

nasasakyan ko na raw ang mga trip nila..

Sabi nga nila I rediscovered myself through the path of Love..lalim!

At naging cheesy na rin ako..

feeling ko ata ako na si Edward Anthony Masen Cullen at sya ang Bella ko..

Minsan nagtataka na nga rin ako sa sarili ko,

ako ba ito?

ako pa ba ito?



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Ganoon pala kapag inlove..  
I really can't explain things..  
basta nararamdaman ko..

Kami?  
Ano nga ba kami?  
Hindi ko na rin ata kailangang magpaliwanag sa ibang tao..  
Basta alam namin kung ano kami..  
Ika nga..Go with the flow of love lang..

Dahil 4th year na kami ngayon, busy kami sa thesis.  
Pero, kahit ganoon pa man ay hindi ko nakakalimutang ipadama sa kanya kung gaano sya kaimportante..  
na lagi syang laman nito..ng utak ko..at ito..ang puso ko..

Ilang buwan na rin ang nakalipas, iba na kaming dalawa..  
hindi na kami normal na magkaibigan..  
yung alam mong

may SOMETHING na..  
Maraming natatanong ng estado namin..  
Pero, tag lang yun..  
ang importante naman talaga..  
yung nararamdaman nya..

mahal na mahal ko sya..

eh siya kaya?

mahal nya na ba ako?

minsang, naitatanong ko rin yan sa sarili ko..  
pero hindi ko alam ang sagot..  
si Irish lang naman ang makaksagot nyan eh..

Alam ko, mahirap kalimutan ang nakaraan..  
minsang nga, nung kami lang dalawa..  
pumunta kami sa may tabing dagat..

kinwento nya si Patrick  
ang lahat kay Patrick at sa kanya..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
akward nga eh, pati mga first date, pate first kiss..akalain mo yun! pati yun..  
nkramdam ako ng selos, kahit alam kong wala akong karaapatan pa sa ngayon..  
pero, sabi nga 'di ba, dapat laging tinitingnan ang bright side..  
siguro dapat pa nag'y magpasalamat ako dahil kinikwento nya sa akin lahat..  
sabi nga nila diba..  
magandang pundasyon ang FRIENDSHIP sa isang relationship..

maghapon lang kami doon,  
pati ako napakwento na rin..  
Naikwento ko rin ang first love ko..  
si Ziri..

hindi naging kami, pero minahal namin ang isa't isa..

s'ya yung isang rason kung bakit ako umalis sa amin..  
naikwento ko na malapit na sanang maging kami  
pero, nagdecide si Ziri na wag ng simulan..  
aalis din kasi sila..  
magmigrate sila sa Canada kasama ang buo niyang pamilya at hindi daw nya kaya ang Long Distance  
relationship.

Hindi ko alam kung bakit ko nakwento si Ziri sa kanya,  
pero gumaan ang loob ko..

nakwento ko rin sa kanya kung gaano ko kamahal o should I rather emphasize na kung gano ko kamahal  
si Ziri noon..  
mahal ko pa naman sya..pero bilang kaibigan na lang..

Habang pauwi kami, napansin ko na tahimik lang sya..  
ang akward nga eh..  
inisip ko na lang na baka malungkot lang sya dahil baka sa kwento nya kay Patrick eh bumalik na naman  
yung sakit na nararamdaman nya..

Akala ko ganoon lang yun..

pero sa mga sumunod na araw..  
naging cold ang treatment nya sa akin..  
as in freezin cold..



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
Twing makakasabay ko sya sa paglalakad..lagi na lang syang kesyo may pupuntahan pa pala, kesyo ganito..ganyan..

Ano bang problema?

Tinatanong na nga rin ako nila Eena kung anong ginawa ko..  
sabi ko naman wala naman, pati ako nagtataka na..

Nasabi ni Eena na baka raw dahil sa may bagong girlfriend na si Patrick..  
pero kinontra sya ni Apple, kasi 2 months ago pa raw yun..anu ba daw yung pag-emote ni Irish..AfterShock lang?

ANg gulo..

dumating na ang December at ganoon pa rin sya sa akin..

Haiii..malapit nang mag-isang buwan na hindi nya ako pinapansin..

ano ba kasi ang nagawa kong masama?  
hindi ko naman sya niloloko ahh..  
sya lang naman ang mahal ko ha..

ano bang nagawa kong kasalanan..

malapit na magChristmas break..  
kaya karamihan umuwi na sa mga bahay nila..

alam ko ngayon ang alis nya pauwi sa kanila..  
'di ko na kaya..  
ayokong matapos ang taon na ganito kami..  
'di ko na ata makakaya..

"Hi.."

nasa sala silang lahat..

"**ehem--**" simula ni KeiLah sabay tingi kay Ramona

"**ah..eh..ay guys, nakalimutan kong bumili ng gift wrapper sa convenient**"-Ramona



Isinulat ko  
@SabiniLah

-----  
"samahan na kita, bibili din ako ng..tama! scotch tape.." -Gelain

"ako..din..bibilin ko sarili ko.." lahat naman nagulat sa sinabi ni Apple..

"I mean, Apple..bibili ako ng Apple.."

"Bibili ako ng sweets..para kay Johnny Joshy" -Eena..

"at ako naman, bibili ako ng *Jelly Ace*.." sabi ni keiLah "*jelly ace*.." natawa naman ako, at talagang inemphasize nya ang salitang *jelly*..

Kahit alam ko na ginawa lang nila yun para magka-usap kami..

